Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA


17 Abril 2025 HUWEBES SANTO • MISA NG HAPUNAN NG PANGINOON Taon A, B, K

# Ang Dalawang Sakramento ng Pananatili ni Kristo

*Sa araw na ito, Huwebes Santo, nagtitipon tayo upang gunitain ang pagtatatag ng Eukaristiya, at ang Sakramento ng Pagpapari ang dalawang Sakramentong nagpapanatili sa walang hanggang pag-ibig ni Kristo para sa Simbahan at buong sangkatauhan.*

*Si Hesus ay naging "Diyos sa piling natin" nang siya ay isinilang. Nang ipag-utos niya sa kanyang mga alagad na ulitin ang ginawa niya sa Huling Hapunan, siya ay naging higit na "Diyos sa piling natin" nang ang sarili niya'y gawin niyang Tinapay at Alak upang maging Pagkain at Inumin natin sa ating paglalakbay sa lupa. Ang pagbibigay ng sarili ni Kristo ay nagiging higit na katotohanan at kaloob sa buong Simbahan sa tuwing ipinagdiriwang ng pari ang Eukaristiya.*

*Nawa'y ang ating pakikibahagi sa pagdiriwang ng Eukaristiya ngayon at sa pagsambang susunod dito, ay maging natatanging pagkakataon para sa ating lahat upang magpasalamat sa Panginoon para sa mga kaloob na Eukaristiya at Sakramento ng Pagpapari.*



## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Krus ng ating kaligtasan, dapat nating ikarangal, sagisag ng kalayaan at ng muling pagkabuhay ni Hesus na ating mahal.**

***(Gal 6:14)***

### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

***B*** – **Amen!**

***P*** – Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

***B*** – **At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P*** – Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging karapat-dapat sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo. *(Tumahimik sandali.)*

***P*** – Panginoong Hesus, ikaw ang Kordero na ang dugo'y nagliligtas sa amin sa walang hanggang kamatayan. Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Panginoong Hesus, ikaw ang Walang Hanggang Pari na nag-aalay sa Ama ng Handog na walang kapintasan. Kristo, kaawaan mo kami!

***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** – Panginoong Hesus, nananatili ka sa amin bilang pagkain at inumin para sa aming mga kaluluwa, aming Kasama at Kaibigan. Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** – **Amen!**

### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan.

Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapang-

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

yarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

**Panalanging Pambungad**

***P*** **–** Ama naming makapangyarihan, sa mga kasalo ngayon sa banal na Hapunan na ipinamana ng iyong Anak na mamamatay bilang haing bago at pangmagpakailanman para sa giliw niyang sambayanan, ipagkaloob mong lubusang mapakinabangan ang iyong dakilang pag-ibig at buhay, sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **– Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** ***Exo 12:1-8.11-14***

*Ang handog na korderong Pampaskuwa at ang pagkain nito sa Hapunang Pampaskuwa ay nagpapahiwatig sa Eukaristiya bilang hapunang pang-alay ng Bagong Tipan.*

***L*** **–** Pagbasa mula sa Aklat ng Exodo

**Noong mga araw na iyon, sinabi ng Panginoon kina Moises at Aaron, "Mula ngayon, ang buwang ito ang magiging unang buwan ng taon para sa inyo. At sabihin ninyo sa buong pamayanan ng Israel na sa ikasampung araw ng buwang ito, bawat puno ng sambahayan ay pipili ng isang kordero o bisirong kambing para sa kanyang pamilya. Kung maliit ang pamilya at hindi makauubos ng isang buong kordero, magsasalo sila ng kalapit na pamilya, na hindi rin makauubos ng isang buo. Ang dami ng magsasalu-salo sa isang kordero ay ibabatay sa dami ng makakain ng bawat isa. Kailangang ang kordero ay lalaki, isang taong gulang, walang pinsala o kapintasan. Kung walang tupa ay kahit kambing. Aalagaan itong mabuti hanggang sa ikalabing apat ng buwan at sa kinagabihan, sabay-sabay na papatayin ng buong bayan ang kani-kanilang kordero. Kukuha sila ng dugo nito at ipapahid sa mga hamba at sombrero ng pintuan ng bahay na kakainan ng kordero. Sa gabi ring iyon, lilitsunin ito at kakaning kasama ng tinapay na walang lebadura at ng mapapait na gulay. Ganito naman ang magiging ayos ninyo sa pagkain nito: nakabigkis, nakasandalyas at may tangang tungkod; dali-dali ang inyong pagkain nito. Ito ang Paskuwa ng Panginoon.**

**Sa gabing yaon, lilibutin ko ang buong Egipto at papatayin ang lahat ng panganay na lalaki, maging tao o hayop man. At parurusahan ko ang lahat ng diyus-diyusan sa Egipto. Ako ang Panginoon. Lalampasan ko ang lahat ng bahay na makita kong may pahid na dugo, at walang pinsalang mangyayari sa inyo sa pagpaparusa ko sa buong Egipto. Ang dugo ang siyang magiging palatandaan na Israelita ang nakatira sa bahay na iyon.**

**Ang araw na ito'y ipagdiriwang ninyo magpakailanman bilang pista ng Panginoon."**

Ang Salita ng Diyos!

***B*** **– Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** ***Awit 116***

***B – Sa kalis ng pagbabasbas,***
***si Kristo ang tinatanggap!***

*R. M. Velez*




*** Sa Diyos ko't Panginoon, ano'ng aking ihahandog sa lahat ng kabutihan na sa akin ay kaloob? Ang handog ko sa dambana ay inumin na masarap, bilang aking pagkilala sa ginawang pagliligtas. *B.***

*** Masakit sa kalooban ng Poon kung may papanaw kahit ito ay iisa, labis siyang magdaramdam. Katulad ng aking ina, maglilingkod akong lubos, yamang ako'y iniligtas, kinalinga at tinubos. *B.***

*** Ako ngayo'y maghahandog ng haing pasasalamat, ang handog kong panalangi'y sa iyo ko ilalagak. Sa templo sa Jerusalem, ay doon ko ibibigay ang anumang pangako kong sa iyo ay binitiwan. B.**

**Ikalawang Pagbasa**

***1 Cor 11:23-26***

*Sa sulat sa mga Kristiyano ng Corinto, isinasalaysay ni San Pablo ang pagtatatag sa Eukaristiya at ng ministeryo ng pagpapari sa paraang natutuhan niya kay Hesus mismo.*

***L*** **–** Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

**Mga kapatid: Ito ang aral na tinanggap ko sa Panginoon at ibinibigay ko naman sa inyo: ang Panginoong Hesus, noong gabing siya'y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay, nagpasalamat, at pinaghati-hati ito, at sinabi, "Ito ang aking katawan na inihahandog para sa inyo. Gawin ninyo ito sa pag-alala sa akin." Gayon din naman, matapos maghapunan ay hinawakan niya ang kalis at sinabi, "Ang kalis na ito ang bagong tipan na pinagtitibay ng aking dugo. Tuwing iinumin ninyo ito, gawin ninyo sa pag-alala sa akin."**

**Sapagkat tuwing kakain kayo ng tinapay na ito at iinom sa kalis na ito ay ipinahahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon, hanggang sa muling pagparito niya.**

Ang Salita ng Diyos!

***B*** **– Salamat sa Diyos!**

**Awit-pambungad sa Mabuting Balita** ***Jn 13:34***

***B – (Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesuskristo!)***
**"Ang bagong utos ko'y ito: mag-ibigan sana kayo katulad ng ginawa ko na pagmamahal sa inyo," ang sabi ni Hesukristo.**
***(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesuskristo!)***

**Mabuting Balita** ***Jn 13:1-15***

*Sa palagay na alam na ng lahat*

*ng mananampalataya ang banal na pagtatatag sa Eukaristiya, tinatawagan-pansin ni San Juan ang* ***kababaang-loob*** *at* ***mapagmahal na paglilingkod*** *na dapat na napagkikilanlan sa mga nakikibahagi rito, ngunit lalo na ang namamahala rito.*

*P*– Sumainyo ang Panginoon!
*B* –**At sumaiyo rin!**
*P* –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
*B* –**Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Bisperas na ng Paskuwa. Alam ni Hesus na dumating na ang panahon ng kanyang paglisan sa sanlibutang ito upang bumalik sa Ama. Mahal niya ang kanyang mga tagasunod na nasa sanlibutan, at ngayo'y ipakikita niya kung hanggang saan ang kanyang pag-ibig sa kanila.**

**Naghahapunan si Hesus at ang mga alagad. Naisilid na ng diyablo sa isip ni Judas, anak ni Simon Iscariote, ang pagkakanulo kay Hesus. Alam ni Hesus na ibinigay na sa kanya ng Ama ang buong kapangyarihan; alam din niyang siya'y mula sa Diyos at babalik sa Diyos. Kaya't nang sila'y naghahapunan, tumindig si Hesus, naghubad ng kanyang panlabas na kasuutan, at nagbigkis ng tuwalya. Pagkatapos, nagbuhos siya ng tubig sa palanggana, at sinimulang hugasan ang paa ng mga alagad at punasan ng tuwalyang nakabigkis sa kanya.**

**Paglapit niya kay Simon Pedro, tumutol ito. "Panginoon," sabi niya, "diyata't kayo pa ang maghuhugas ng aking mga paa?" Sumagot si Hesus, "Hindi mo nauunawaan ngayon ang ginagawa ko, ngunit mauunawaan mo rin pagkatapos." Sinabi sa kanya ni Pedro, "Hinding-hindi ko po pahuhugasan sa inyo ang aking mga paa." "Kung hindi kita huhugasan, wala kang kaugnayan sa akin," tugon ni Hesus. Kaya't sinabi ni Pedro, "Panginoon, hindi lamang po ang mga paa ko, kundi pati ang aking kamay at ulo!" Ani Hesus, "Maliban sa kanyang mga paa, hindi na kailangang hugasan pa ang naligo na, sapagkat malinis na ang kanyang buong katawan. At malinis na kayo, ngunit hindi lahat." Sapagkat alam ni Hesus kung sino ang magkakanulo sa kanya, kaya sinabi niyang malinis na sila, ngunit hindi lahat.**

**Nang mahugasan na ni Hesus ang kanilang mga paa, siya'y nagsuot ng damit at nagbalik sa hapag. "Nauunawaan ba ninyo kung ano ang ginawa ko sa inyo?" tanong niya sa kanila. "Tinatawag ninyo akong Guro at Panginoon, at tama kayo, sapagkat ako nga. Kung akong Panginoon ninyo at Guro ay naghugas ng inyong mga paa, dapat din kayong maghugasan ng paa. Binigyan ko kayo ng halimbawa at ito'y dapat ninyong tularan."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
*B* –**Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

## Homiliya

## Paghuhugas ng mga Paa

*N*–Ang muling pagganap sa paghuhugas ng mga paa ay isang matibay na pag-alaala ng diwa ng kababaang-loob at mapagmahal na paglilingkod na dapat na napagkikilanlan sa ating mga ugnayan.

*[Ang pari ay lalapit sa bawat huhugasan, magbubuhos ng tubig sa paa ng bawat isa sa kanila at papahiran ito ng tuwalya.*

*Samantalang ito'y ginagawa, aawitin ang ilan sa mga sumusunod na taludtod o iba pang nababagay na imno.]*

**Unang Taludtod** *Jn 13:4*

**Si Hesus na Poong sinta'y naghanda ng palangganang may tubig at ng tuwalya upang hugasan ang paa ng mga alagad niya.**

**Ikalawang Taludtod** *Jn 13:6.7.8*

**"Huhugasan po ba ninyo," ani Pedro, "ang paa ko?" "Kung di ko gagawin ito ay di ka makakasalo sa akin," sabi ni Kristo.**

**Kaya't lumapit si Kristo upang hugasan si Pedro na nagtanong nang ganito: "Huhugasan po ba ninyo, Guro, ang mga paa ko?"**

**"Lingid sa pang-unawa mo ngayon ang minimithi ko. Matatanto mo rin, Pedro, ang ibig sabihin nito," ang sagot ni Hesukristo.**

**Ikatlong Taludtod** *Jn 13:14*

**Panginoon ninyo ako na naghugas sa paa n'yo. Dapat n'yo ring gawin ito sa kapwa ninyo sa grupo gayundin sa ibang tao.**

**Ikaapat na Taludtod** *Jn 13:35*

**Kapag umiral sa inyo ang dakilang pag-ibig ko, makikilala ng tao na alagad ko nga kayo, ang sabi ni Hesukristo.**

**Ikalimang Taludtod** *Jn 13:34*

**Ang bagong utos ko'y ito: magibigan sana kayo katulad ng ginawa ko na pagmamahal sa inyo, ang sabi ni Hesukristo.**

**Ikaanim na Taludtod** *1 Cor 13:13*

**Ang pag-ibig, ang pag-asa at ang pananampalataya sa inyo'y umiral sana: ang pinakamahalaga'y pag-ibig at walang iba.**

## Panalangin ng Bayan

*P*– Sa Huling Hapunan, ipinagkaloob sa atin ng Panginoong Hesus ang hindi malilimot na halimbawa ng kababaang-loob at malasakit sa lahat ng mananampalataya sa pagtatatag ng Sakramento ng Eukaristiya at ng Pagpapari. Ipanalangin nating maging mabunga ang mga biyayang ito, habang sinasabi:

*B* –**Panginoon, dinggin Mo ang aming panalangin!**

* Para sa buong Simbahan, ang pamayanan ng mga disipulo ni Kristo: Mangibabaw nawa ang pagmamahalan, pakumbabang paglilingkod, at bukas-palad na pagbibigay. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa at ibang mga pinuno ng Simbahan: Tularan nawa nila ang kababaang-loob ni Hesus sa pagtupad sa kanilang tungkulin sa sambayanan ng mga sumasampalataya. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng paring gumugunita sa kanilang paglilingkod bilang pari sa araw na ito: Ang kanila nawang buong buhay ay maging isang paglilingkod na puspos ng kababaang-loob at pagmamahal sa sambayanan, tulad ng kay Kristo. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga parokya: Sila nawa ay maging tunay na sambayanang Eukaristiko na nagpapakita ng katangi-tanging pagmamahal sa mga nagdurusa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng natitipon dito upang ipagdiwang ang sakramento ng pag-ibig ni Kristo: Pangalagaan nawa natin sa ating pang-araw-araw na buhay ang pagkakaisa at pagmamahal na ating pinasisigla sa Hapag ng Panginoon. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng tao sa buong daigdig: huwag sana nilang hayaang masapawan ng mga makabagong teknolohiya ang makataong pakikipag-ugnayan at pakikisama, at matutong igalang ang dangal ng tao, at makatulong sa lahat upang harapin ang mga makabago ring mga paghamon, manalangin tayo! **B.**

***P***–Diyos Ama, ibinigay Mo sa amin si Hesus, ang Tinapay ng Buhay at Walang Hanggang Punong Saserdote. Nawa ang aming buhay ay laging maging salamin ng kanyang buhay, hanggang sumapit ang oras ng pakikibahagi sa Walang Hanggang Piging sa langit, magpasawalang hanggan.
***B*** **–Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



***P*** – Manalangin kayo . . .
***B*** – **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** – Ama naming Lumikha, ipagkaloob mong marapat na ganapin ang banal na paghahain sapagkat tuwing ipinagdiriwang ang alaala ng Anak mong nag-aalay, ang pagliligtas niya sa tanan ay nangyayari upang aming pakinabangan, sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** – **Amen!**

### Prepasyo sa Huwebes Santo

***P*** –Sumainyo ang Panginoon!
***B*** –**At sumaiyo rin!**
***P*** –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!
***B*** –**Itinaas na namin sa Panginoon!**
***P*** –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!
***B*** –**Marapat na siya ay pasalamatan!**
***P*** – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ang talagang dakila at lagi mong ikinalulugod na paring naghahain para sa sansinukob nitong pag-aalay na tangi mong ibinukod. Ang pagdiriwang sa Huling Hapunan ay paghahain niya para sa tanan upang alalahanin namin at pagsaluhan. Ang laman niya'y inihain upang lahat ay buhayin. Ang dugo niya'y dumanak nang lahat ay mapatawad.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagpupuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, ipinagbubunyi namin ang iyong kadakilaan:
**B– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B*** – **Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

## PAKIKINABANG



***B*** – **Ama namin . . .**
***P*** – Hinihiling namin . . .
***B*** – **Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*** – **Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*** – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*** – **Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Handog ko para sa inyo ang sariling katawan ko. Ito'y kasunduang bago, nasasalig sa dugo ko, sa gunita ko'y gawin n'yo.**

***(1 Cor 11:24-25)***

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*** – Ama naming mapagmahal, ipagkaloob mong sa aming pakikinabang sa ipinagdiwang ditong Hapunan ng Anak mong mahal, kami'y pagindapating makasalo kailanman sa piging sa iyong piling sa kalangitan, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** –**Amen!**

*[Ang Misa ay magtatapos sa panalanging ito. Walang pagbabasbas sa araw na ito.]*

### Prusisyon ng Banal na Sakramento

*Ang Banal na Sakramento ay ipuprusisyon sa loob ng simbahan patungo sa paglalagakan na inihanda para sa okasyong ito. Sa pagpuprusisyon, aawitin ang* ***"O Sacrament Most Holy"*** *o iba pang awit tungkol sa katawan ni Kristo.*

Listen to
**BISPERAS SA VERITAS**
(846 kHz)
Saturdays 5:00 - 6:00 P.M.

WORD AND LIFE PUBLICATIONS
**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

# ANG EUKARISTIYA: ALAALANG IKINABUBUHAY NATIN

Mga larawang guhit, estatuwa, at mga retrato ay mga "nakikitang alaala" na ikinapaglalakbay natin sa nakalipas at nakatutulong sa atin upang alalahanin ang mga taong mahal natin ngunit di na natin kasama, ang mga ginawa nila o minahalaga nila, pinaghirapan, o ikinamatay. Ang kanilang mga naiwan ay malimit na maging inspirasyon at hamon para tularan ang kanilang halimbawa. Marami sa mabubuting gawa ngayon ay bunga ng pagiging inspirasyon ng mga "pang-alaala" ng nakalipas.

Sa lahat ng mga "tagapagpaalaala" sa nakalipas, wala nang kasinghalaga ang Eukaristiya na siyang "pang-alaala" ng mga pagdurusa, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Kristo. Gayunpaman, kaiba sa krus o alin pang kaanyuan ni Kristong nagdurusa, ***ang Eukaristiya ay hindi lamang isang "nakikitang paalaala" ng kung gaano tayo kamahal ni Hesus. Ito'y totoong nakahihigit pagkat ang Eukaristiya ay si Hesus mismo sa kabuuan ng kanyang pagiging taong ipinako sa krus, nabuhay na muli, at niluwalhating Panginoon, bagamat sa karaniwang anyo ng tinapay at alak.***

Ito ay isang dakilang katunayang makikita sa pamamagitan lamang ng pananampalataya. Gayunman, tinatanggap natin ito bilang turo ng Simbahan na nakaugat sa mga salita ni Hesus: "Ito ang aking Katawan . . . Ito ang aking Dugo." Kung paanong ang karaniwang kapirasong tinapay at kaunting alak ay maaaring maging Katawan at Dugo ni Kristo ay tunay ngang isang "Misteryo ng Pananampalataya."


Ang gayong kahanga-hangang pagbabago ay nagaganap tuwing ang pamayanang Kristiyano, sa pamumuno ng marapat na Ministro ay gumugunita sa kamatayan at muling pagkabuhay ng Panginoon habang inuulit ang ginawa at binigkas niya sa Huling Hapunan. Sa gayong mga salitang binibigkas ng paring nagmimisa at sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, si Hesus ay nananatili sa konsagradong Tinapay at Alak. Kaya nga, tayo'y lumuluhod o yumuyuko nang taimtim sa harap ng tabernakulo at may ilawan tayo sa tabi nito bilang paalala sa ating "naroon si Hesus," gaya ng pagkaalam maging ng mga bata.


Si Hesus, sa kanyang pananatili sa Eukaristiya, ay tunay at buhay; naglalaan siya ng di mauubos na bunga ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, di lamang para sa mga nagsidalo kundi para sa buong mundo. Dulot ng kanyang pananatili sa Eukaristiya ang kanyang pagliligtas, kasiyahan, at kapayapaan. Ang Eukaristikong Tinapay at Alak ay siyang bukal ng lakas ng mga martir, ang bukal ng kalinisang puri ng mga birhen, at ang bukal ng biyayang kailangan nating lahat upang magampanan natin ang ating mga tungkulin sa araw-araw.

***Sa pagtanggap natin ng Eukaristiya, si Hesus ay nagiging kaisa natin at tayo man ay nagiging higit niyang kaisa, sa kabila ng lahat nating kahinaan.*** Kaya nga, ang pakikiisa sa kanya na nagsimula sa binyag ay tumitibay at lumalago bilang bahagi ng nakapagpapabagong bisa ng Eukaristiya at tayo'y nagiging "katulad ni Kristo" o "isa pang Kristo."

**Eukaristiya**
*Oscar Esquilona*
Sa loob ng Santa Misa
Tayo'y tinipon ng Diyos
Ating inaalaala
Ang Huling Hapunan ni Hesus
Ang tinapay ng buhay
Ay pinaghati-hati Niya
Sa bawa't isa'y ibinahagi
Upang tayo'y mamuhay
Na kapiling Siya
Sarili Niyang buhay
Ay walang alinlangang inihain
Isinakripisyo't inialay
Upang ang buhay at kaligtasa'y
Sa muli, ay makamtan natin.


An indispensable aid to make a good confession, available in Tagalog and English




A shorter version of these two pamphlets is available also in folded leaflets.

Word And Life Publications / Word And Life Religious Store
https://shopee.ph/wordandlifereligiousstore_2021
https://www.lazada.com.ph/shop/salitaatbuhaystore